# TALA MULA SA EDITOR


## DR. ROMMEL B. RODRIGUEZ

*Punong Editor*


Kung ang pagbabatayan ng paglalathala ng espesyal na isyu ng *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino* na nakatuon sa pagbuo ng antolohiyang naglalaman ng mga malikhaing akda ay ang Palisi sa Wika ng Unibersidad ng Pilipinas, malinaw na makikita sa partikular na probisyon ang tala na nagsasaad na "Hihikayatin, susuportahan, at gagantimpalaan ang mga malikhaing manunulat sa Filipino at ibang wika sa Pilipinas." Bahagi ang probisyon na ito sa pagsulong ng wikang Filipino, hindi lamang bilang opisyal na wika ng komunikasyon, pagtuturo at saliksik. Higit pa, sinasambit nito na may mahalagang papel na ginagampanan ang mga malikhaing manunulat sa patuloy na pagbuo at pag-unlad ng Filipino bilang wikang pambansa. Kaya kung tutuusin, hindi hiwalay sa misyon at bisyon ng Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman ang paglalathala ng mga malikhaing akda sa Filipino. Kahit pa sabihin na ang SWF-UPD ay isang institusyong nakatuon sa pananaliksik hinggil sa wika, dito napatunayan na ang mismong pagsulat ng malikhaing akda'y isang anyo at pamamaraan ng malikhaing pananaliksik ng mga malikhaing manunulat.

Ngayon, mas binigyang-priyoridad ang paglalathala ng mga malikhaing akda bilang espesyal na isyu ng *Daluyan* upang makapag-ambag ang SWF-UPD sa patuloy na pag-unlad at pagyaman ng panitikan ng Pilipinas sa Filipino. Nagsilbing lunsaran ang mga akda sa antolohiya kung paano binibigyan ng bagong sipat at inobasyon ng mga kasalukuyang manunulat sa Filipino ang kani-kaniyang malikhaing proseso sa pagsulat. Naging konsiderasyon sa

panawagan ng mga editor ang lente ng eksperimentasyon ng mga anyo at estilo ng mga manunulat sa kanilang mga isinumiteng akda. Ang resulta, isang antolohiyang tumatagos sa iba't ibang henerasyon ng mga manunulat sa Filipino na sumuong sa samotsaring posibilidad ng pagsusulat.

Sa pamamagitan ng pagsanib ng malikhaing imahinasyon at kritikal na perspektiba nina Dr. Rolando B. Tolentino at Prop. Vladimeir Gonzales bilang mga editor ng espesyal na isyu na ito, mistulang nagtagpo ang dalawang henerasyong iniluwal ng mga kumbensyon at tradisyon ng mahabang kasaysayang pampanitikan ng Pilipinas. Iniluwal si Tolentino ng dekada otsenta na nakaranas ng transisyong pampolitika mulang sistemang diktadurya tungo sa ninanasang demokratikong pamamahala sa bansa. Samantala, si Gonzales naman, naging lunan ang panahong babad ang manunulat sa samu't saring teknolohiyang may tuwirang epekto mula sa paghango ng materyal, pagsulat ng akda, at paraan ng diseminasyon nito. Bagaman maaaring sabihin na ang kasalukuyang panahon ay resulta ng nakaraan, hindi ito limitado sa tuwirang ugnayan na *sanhi* at *epekto*. Sa halip, nagkaroon ng pagtatagpo ang dalawang panahong patuloy na humahango ng danas at kaalaman sa isa't isa upang makapaglatag ng mas masusing pagsipat sa panlipunang realidad ng ating bansa.

Sa pamamagitan ng talaban ng kanilang mga ideya at mungkahi sa pagbuo ng antolohiya, higit na napayaman ang magiging hubog ng unang pampanitikang isyu ng Daluyan. Nailatag ni Tolentino ang teoretikal na gabay at historikal na konteksto sa pag-usbong ng mga akdang tumutulay sa eksperimentasyon. Habang si Gonzales nama'y nakapag-ambag ng mga kasalukuyang usaping political at panlipunang bitbit ng mga kontemporaryong malikhaing manunulat tungo sa higit na pag-unawa sa mga akdang nakasama sa antolohiya. Mainam na makikita sa kanilang introduksiyon ang pag-iral ng mga kilusang pampanitikan dahil sa pagbabago ng lipunan. Habang binibigyang-diin na may habi ng politikal at pangkasaysayang konteksto ang pag-iral at silbi ng wikang Filipino. Muling naangkin ng mga manunulat ang pag-iral ng sarili sa pamamagitan ng pagsulat ng malikhaing akda na pilit binubura ang pag-iral sa pagkatiwalag ng kaakuhan sa kasalukuyang sistemang global. Dagdag pa, nagsisilbing anyo ng malikhaing dokumentasyon ang mga akda sa pagtasa ng mga inobasyon at gamit ng mga manunulat sa wikang Filipino.

*Nagtuturo si Dr. Rommel B. Rodriguez ng panitikan at malikhaing pagsulat sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura, UP Diliman. Bukod sa pagiging guro, isa rin siyang malikhaing manunulat na nagkamit na ng iba't ibang gawad pampanitikan tulad ng Palanca. Awtor siya ng librong Lagalag ng Paglaya na inilathala ng UP Press noong 2011. Kasamang editor din siya ng mga antolohiyang Kathang-Isip: Mga Kuwentong Fantastiko (Ateneo de Manila University Press, 2011) at Transfiksyon: Mga Kathang In-transit (UP Press, 2014). Naging Visiting Professor siya sa Shizuoka University sa Japan noong 2014. Aktibo siyang mananaliksik ng kasaysayan at kulturang Pilipino at kasalukuyang tumatayong direktor ng Sentro ng Wikang Filipino sa UP Diliman.*